

## Mas pinalakas at pinalawak na DOSTv

Ni Eula Mae Carla D. Olod, DOST-STII

Kuha ni Henry A. De Leon, DOST-STII

**P**inalakas na DOSTv ang ipinakilala ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) sa bago nitong tatak bilang “The Filipino S&T Channel”.

Isinagawa ang paglulunsad ng pinalakas na DOSTv kasabay ng selebrasyon ng DOST-STII ng ika-30 anibersaryo nito na may temang “Arangkada sa Tatlong Dekada”, noong Pebrero 27, 2017 sa Manila Hotel.

Ilan sa mga bibida sa pinalakas na DOSTv ay ang mga bagong dokumentaryo

na nagpapakita at nagpapaliwanag ng mga direktang naitutulong ng agham at teknolohiya sa iba’t ibang industriya kagaya ng sa pagsasaka, medisina, transportasyon, musika, turismo, gayundin sa mga lokal na Micro, small and medium enterprises (MSMEs). Ilang dokumentaryo din ang tatalakay at magbabahagi ng buhay ng ating mga pambansang siyantista at mga naging iskolar ng DOST.

Ekslusibong itatampok din sa DOSTv ang iba’t ibang aktibidad na isinasagawa

ng mga ahensya ng DOST kagaya ng mga regional scientific meeting, health fora, press conference, at mga exhibit ng mga teknolohiya.

Sa pinalakas na DOSTv, layunin nito na makapagbigay ng mas magandang paraan ng pagbabalita at makapagpalabas ng mga istorya na tiyak na makatutulong sa pagbabahagi ng bagong kaalaman sa mga manonood nito

Sa siyam na buwan nito sa pagbibigay ng serbisyo, nakapagpalabas na ang DOSTv  
sundan sa pahina 2

### Mga Nilalaman

Kauna-unahang augmented reality library sa bansa, inilunsad ng DOST.....	p3
20 teknolohiyang pang-agrikultura, nabigyan nang “fairness opinion” ayon sa DOST-TAPI .....	p4
LarawaNews.....	p4

## STARBOOKS sa mga Tech4ED Centres

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

**S**a mga susunod na buwan, makikita na sa iba’t ibang Tech4ED Centres ang kauna-unahang digital science library sa bansa na STARBOOKS ng Department of Science and Technology Science and Technology Information Institute (DOST-STII).

Lumagda sa isang Memorandum of Understanding ang DOST-STII at Department of Information and Communications Technology (DICT) noong Pebrero 27, 2017 sa Manila Hotel, kasabay ng ika-30 taon selebrasyon ng DOST-STII.

sundan sa pahina 2

## STARBOOKS sa... Mula sa pahina 1

Layunin ng nasabing kasunduan na palawakin pa ang bilang ng mga komunidad na makakagamit ng STARBOOKS. Sa kasalukuyan, mayroong 1,358 na sites ang STARBOOKS sa buong bansa na kadalasan ay matatagpuan sa mga unibersidad, pampublikong silid-aklatan, at sa mga opisina at ekswelahan ng Department of Education sa mga probinsiya.

Ang STARBOOKS o Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosks ay ang kauna-unahang “digital science library” sa bansa. Ito ay naglalaman ng local at foreign S&T resource material mula text, video, at audio format, journal, technology material, hanggang sa mga livelihood video. Bukod pa rito, ang STARBOOKS ay hindi nangangailangan ng Internet connection na angkop sa mga probinsiya na wala o mahina ang signal ng Internet.

Samantala, ang Tech4Ed Centres naman ay ang mga pasilidad na itinatayo ng DICT sa iba-ibang panig ng bansa at matulungan ang mga Pilipinong nasa mahihirap na komunidad sa bansa upang matutunan ang iba’t ibang kakayahan na may kinalaman sa larangan ng ICT at ipakilala sa kanila ang mga kabuhayan na maaaring makuha mula rito.

Sa pinirmahang kasunduan, nakapaloob dito na magbibigay ang DICT ng mga computer para sa STARBOOKS, na siyang ipapamahagi naman nila sa mga komunidad na nasa ilalim ng kanilang Tech4ED Program.

## DOSTv, inilunsad...

### Mula sa pahina 1

ng mahigit 180 na episode tungkol sa mga usaping pang-siyensya.

Sa patuloy na paglilingkod ng DOSTv sa mga mamamayan, magpapalabas ito ng mga ulat patungkol sa panahon, update na galing sa PAGASA, one-on-one interview kasama ang mga kilalang personalidad ng DOST at mga eksperto sa siyensya at teknolohiya. Mayroon ding RapiDOST, at mga segment tulad ng “What’s the Weather with You” at “Finding Joona”.

Ayon kay Richard P. Burgos, director ng DOST-STII, malaking papel ang ginagampanan ng DOSTv sa pagbibigay ng kaalaman sa publiko hinggil sa mga nagagawa ng agham at teknolohiya sa pagpapaunlad ng pamumuhay ng bawat Pilipino.

Dagdag pa ni Burgos, ninanais din ng DOST-STII na sa pamamagitan ng DOSTv, mas maraming kabataan ang mahikayat na kumuha ng mga kurso na may kinalaman sa siyensya at teknolohiya.



Larawan mula sa Frontlearners, Inc.

Sa bahagi naman ng DOST-STII, responsibilidad nito na mag-install laman ng STARBOOKS sa mga computer na ipagkaloob ng DICT, gayundin ang pagsasanay sa mga kawani ng Tech4ED Centres na siyang mamamaha at magpapakilala sa kanilang benepisyaryo. Magbibigay rin ang DOST-STII ng technical assistance sa oras na magkaproblema ang mga computer na pinaglagakan ng STARBOOKS.

Samantala, bukod sa pagpapadami ng mga benepisyaryo ng STARBOOKS, ninanais din ng DOST-STII na payabungin din ang mga nilalaman nito. Kaya naman, isa pang hiwalay na MOU ang pinasok ng DOST-STII sa kumpanyang start-up na Frontlearners, Inc.

Sa ilalim ng pinirmahang MOU, ibabahagi ng Frontlearners, Inc ng libre ang nilalaman ng kanilang “Frontlearners BlendEd Learning Collection”, kung saan nilalaman nito ang iba’t ibang kasanayan sa pag-aaral, kabilang na ang mga asignatura sa Siyensya at Matematika. Ang mga ito ay naka- angkop sa pamantayan ng K-12 na curriculum.

At dahil sa makabagong paraan nito ng pagbibigay impormasyon, ang STARBOOKS ay ginawaran ng pagkilala ng prestihiyosong American Library Association Presidential Citation for Innovative International Library Projects noong Hunyo 29, 2015 sa International Librarians Reception, San Francisco Library, San Francisco, California, USA

Ere ng live ang DOSTv sa dati nitong time slot, mula alas onse ng umaga hanggang alas dose ng tanghali at mapapanuod ito sa [www.dostv.ph](http://www.dostv.ph), gayundin sa official Facebook page nito na <https://www.facebook.com/DOSTvPH/>. Sa mga nasabing websites din maaaring mapanuod ang mga nakalipas na episodes ng DOSTv.

Samantala, nakalatag na rin ang plano na maipalabas sa telebisyon ang mga nilalaman ng DOSTv upang makapagbigay serbisyo sa mas malawak na manonood.

Bilang panimula, magkakahwalay na Memorandum of Understanding ang pinirmahan ng DOST-STII sa tatlong kinikilalang media organizations sa bansa tulad ng Philippine Television Network (PTV) 4, Global News Network (GNN) at SciDev.Net. (Impormasyon mula kay Romelie Janelle Maranan, DOSTv)

### ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

### ALLAN MAURO V. MARFAL

Editorial Assistant

### JAMES B. INTIA

Layout

### JANINA MYN Z. VILLAPANDO

Proofreader

### FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST). Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148



## Kauna-unahang augmented reality library sa bansa, inilunsad ng DOST

Ni Eula Mae Carla D. Olod, DOST-STII

**S**a tulong ng isang aplikasyon, gagawing interactive, mas masaya at mas madali ang magiging karanasan ng mga mag-aaral at mananaliksik na madalas bumibisita sa silid aklatan ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII).

Sa ginanap na selebrasyon ng ikatatlungumpung anibersaryo ng DOST-STII noong Pebrero 27, 2017 sa Manila Hotel, ipinakilala nila ang kauna-unahang augmented reality library sa bansa, ang STARLib.

Ang STARLib o Science and Technology Augmented Reality Library ay isang application na makatutulong sa mga estudyante at maging sa mga propesyunal na bibisita sa DOST-STII Library upang mapadali ang kanilang pagre-research.

Ayon kay Richard P. Burgos, direktor ng DOST-STII, ang augmented reality library ay bagong paraan ng pagiging malikhain para sa mga taong nais gumamit nito.

“We will redesign the library user experience by incorporating augmented reality. We will also include virtual reality and gaming in the experience of a science and technology library without physical books.”


Isa sa mga katangian ng augmented reality library na ito ay tukuyin ang lugar at magbigay-impormasyon ukol dito sa pamamagitan ng pagtapat ng cellphone sa partikular na lugar.

Maaari rin itong magsilbing mapa para sa gumagamit nito patungo sa nais nitong puntahan na library section. Naglalaman din ito ng mga nailathalang artikulo ng STII.

Malaking pagbabago ang tiyak na idudulot ng STARLib sa kasaysayan na tiyak ring magugustuhan ng mga tao dahil sa malaking kapakinabangan nito sa pag-aaral. (Impormasyon mula kay Framelia V. Anonas, DOST-STII)



Pop-up description when you shoot the area with Library AR app installed in a smart phone



Sa tulong ng StarLib o Science and Technology Augmented Reality Library, gagawing interactive, mas masaya at mas madali ang magiging karanasan ng mga mag-aaral at mananaliksik na madalas bumibisita sa silid aklatan ng DOST-STII.

# 20 teknolohiyang pang-agrikultura, nabigyan nang “fairness opinion” ayon sa DOST-TAPI

Ni Rodolfo P. de Guzman, *DOST-STII*

**S**a ngayon ay may 20 sa kabuuang 64 na teknolohiyang pang-agrikultura ang nabigyan na ng tinatawag na “Fairness Opinion” ng Technology Application and Promotion Institute (TAPI) ng Department of Science and Technology (DOST) ayon kay Director Edgar I. Garcia ng DOST-TAPI.

Sa ilalim ng Republic Act No. 10055, na tinatawag na “Philippine Technology Transfer Act of 2009”, ang ano mang pananaliksik na pinondohan ng pamahalaan ay dapat kumuha ng “Fairness Opinion” mula sa Kalihim ng DOST, lalo na ang “licensing agreements at spinoffs”, bago ito maisalin.

Ayon din sa batas, ang Fairness Opinion Board (FOB) ay dapat mabuo sa loob ng 30 araw mula ng maihain ang pormal na hiling at ang Fairness Opinion ay dapat maibigay sa loob ng 60 araw matapos mabuo ang FOB. May isang “fast-tracked mechanism” na ginawa ang TAPI upang mabawasan mula sa 90 araw at maging isa hanggang 15 araw na lamang upang makakuha ng Fairness Opinion.

Ayon kay Director Garcia ang DOST-TAPI ay may mandato na magsilbing Fairness Opinion Board (FOB) Secretariat na binubuo niya bilang chairman at kasama ang mga miyembro na sina Atty. Marion Ivy D. Decena, hepe ng Invention Development Division ng TAPI, Caesar Angelito E. Arceo, Supervising Science Research Specialist ng TAPI at isang rehistradong patent agent, at si Engr. Richelle D. Cahanap.

Ang TAPI ang tatayong tagapangasiwa ng “patenting at licensing” samantalang ang Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development o PCAARRD ang nagbibigay ng pondo sa mga proyekto na naghihintay na mabigyan ng Fairness Opinion.

“This partnership was never done in the government sector before,” pahayag ni Director Edgar I. Garcia, noong nagpulong ang TAPI at ang PCAARRD, kapwa sangay ng DOST.

Nagpahayag din si Director Garcia na isa itong makasaysayang kaganapan kung saan ang dalawang ahensya ng pamahalaan ay nagtulungan upang maisalin ang proyektong pananaliksik na ginastusan ng pamahalaan na umabot sa P 25 milyon.

Sa mga proyektong ito ay tatlo ang sa biofertilizer, 12 ay makinarya para sa pagpoproseso ng pagkain (food processing machines) at isa ay makinaryang pang-agrikultura.

Samantala, may dalawang proyekto sa larangan ng “technology assessment at IPR protection” ang tinitingnan kung saan magsusumite ng hindi kukulangin sa 25 “patents at utility model applications” at magsusuri ng 100 teknolohiya sa loob ng dalawang taon. Ang “technology assessment” ay isasagawa sa larangan ng “technical at industrial feasibility, intellectual property (IP) potentials, at market readiness” ng mga proyekto at teknolohiyang pinondohan ng PCAARRD.

May mga proyekto din sa “IP at technology valuation” kung saan aalaman ang kahalagahan sa merkado ng hindi kukulangin sa 16 na teknolohiya sa loob ng dalawang taon.

Mayroon din proyekto na ang pakay ay masuri at pag-aralan ang “Freedom to Operate” (FTO) ng mga teknolohiya ng PCAARRD na minungkahi ni Teresita O. De Vera, isang Supervising SRS. May isa din proyekto tungkol sa pagkuhang Fairness Opinion na pinangungunahan ni Director Garcia. Ang FTO ay isang bagong larangan sa komersyalisasyon ng mga DOST technologies.

Dahil sa mga kaganapang ito, nagpahayag ng positibong pananaw sina Dr. Melvin B. Carlos, director ng Technology Transfer and Promotion Division ng PCAARRD at Noel A. Catibog, manager ng DOST-PCAARRD Innovation and Technology Center sa Los Baños, Laguna, kasama si Dir. Garcia, na ang mga proyekto na pinondohan ng PCAARRD ay papasa sa FOB tungo sa matagumpay na pagsalin ng teknolohiya at komersyalisasyon. Ito ay sinusugan din ni Dr. Reynaldo V. Ebor, Executive Director ng PCAARRD sa mga naunang pagpupulong.

“All of the five projects will complement TAPI’s mandated functions as patenting and licensing arm of DOST and being the secretariat of the FOB,” pahayag ni Atty. Decena. (*Impormasyon mula kay Alandy N. Buan, DOST-TAPI*)

## LarawaNEWS



**Ang “Fault Finder”, tutok ngayon sa disasters at climate change.** Si Director Renato U. Solidum Jr. ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS) na tinatawag din na “Fault Finder” (kanan) ay nanumpa kamakailan sa harap ni Department of Science and Technology Secretary Fortunato T. de la Peña (kaliwa) bilang bagong Undersecretary for Disaster Risk Reduction and Climate Change Adaptation. Si Dr. Solidum Jr. ay patuloy pa rin mangangasiwa sa PHIVOLCS bilang Officer-In-Charge. Dala ni Dr. Solidum Jr. ang maraming taong karanasan sa pagpapatupad ng mga programa tungkol sa disaster risk reduction and management lalo na sa larangan ng geological hazards tulad ng lindol at tsunami. Bilang director ng PHIVOLCS, si Dr. Solidum Jr. ay masugid na nagpatupad ng mga programang tutugon sa panganib na dulot ng kalikasan tulad ng: improved volcano monitoring system, tsunami warning system, earthquake monitoring system at ang Rapid Earthquake Damage Assessment System, isang computer software na nakakagawa ng seismic hazard at risk maps bago at pagkatapos ng isang lindol. (*Larawan mula sa DOST*)